TALÓS
ISSN : 3155-7309
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI: https://doi.org/10.65339/talos.V1.I2.1

Pagdalumat sa Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino: Mula sa Tradisyunal Tungo sa Makabagong Kagamitang Pampagtuturo

Dr. Himeji-Ken V. Dela Peña
Instructor I, Cebu Technological University-Consolacion Campus, Cebu, Philippines

Abstrak: Sinuri sa pag-aaral na ito ang karanasan, mga hamon, at pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo sa Filipino bilang batayan sa pagbuo ng mungkahing programang pang-extension. Gumamit ng deskriptibong disenyo at purposive sampling na nilahukan ng apatnapung (40) gurong nagtuturo sa antas elementarya, Junior High School, Senior High School, at kolehiyo sa Consolacion at Liloan Districts, Cebu. Nakalap ang datos sa pamamagitan ng talatanungang ipinamahagi gamit ang Google Forms at sinuri gamit ang estadistikang deskriptibo. Natuklasang mas madalas gamitin ang tradisyunal na kagamitan (M=3.52) kaysa sa makabagong kagamitan (M=3.10). Nanguna sa paggamit ang pisara (M=4.35), tekstong nakalimbag (M=4.25), aklat sa Filipino (M=4.23), PowerPoint (M=4.23), at bidyong pang-edukasyon (M=4.08). Naitala ang mataas na antas ng karanasan ng mga guro (M=3.65), katamtamang hamon (M=3.36), at mataas na pangangailangan sa pagpapaunlad ng kasanayan (M=4.19). Pangunahing hamon ang hindi sapat na koneksiyon sa internet at hindi pantay na akses sa teknolohiya (M=3.85), samantalang pinakamataas na pangangailangan ang pagsasanib ng tradisyunal at makabagong kagamitan (M=4.58). Iminumungkahi ang programang GuroFIL upang mapahusay ang kasanayan ng mga guro sa paggamit at integrasyon ng mga kagamitang pampagtuturo. Kaugnay ang pag-aaral sa SDG 4 (Dekalidad na Edukasyon), SDG 9 (Industriya, Inobasyon, at Imprastraktura), at SDG 10 (Pagbawas ng Hindi Pagkakapantay-pantay). Nagbibigay ito ng batayan sa napapanatiling pagpapaunlad ng edukasyon, teknolohikal na kakayahan, at suportang institusyonal habang pinahahalagahan ang wikang Filipino at ang inklusibong pagkatuto.

Mga Susing Salita Akses sa Teknolohiya; Makabagong Kagamitang Pampagtuturo; Pagsasanay ng mga Guro; Pagtuturo ng Filipino; Teknolohiya sa Edukasyon

INTRODUKSIYON

Ang pagtuturo ng Filipino ay patuloy na umuunlad kasabay ng pagbabago ng teknolohiya at pangangailangan ng mga mag-aaral. Bagama't nananatiling mahalaga ang mga tradisyunal na kagamitang pampagtuturo tulad ng pisara, aklat, modyul, at larawan, lumalawak din ang paggamit ng makabagong teknolohiya gaya ng elektronikong presentasyon, bidyong pang-edukasyon, digital storytelling, at artificial intelligence. Dahil dito, kinakailangan ang sapat na kaalaman, kasanayan, at kahandaan ng mga guro upang mabisang mapagsama ang tradisyunal at makabagong kagamitan sa pagtuturo.

Mahalaga ang pagpili ng mga kagamitang naaayon sa layunin ng aralin, pangangailangan ng mga mag-aaral, at kalagayan ng silid-aralan. Bagama't kapaki-pakinabang ang tradisyunal na kagamitan sa paglinang ng kasanayang pangwika, nangangailangan naman ng kasanayang teknolohikal at pedagogikal ang paggamit ng makabagong kagamitan. Kaugnay nito, sinusuri ng pag-aaral ang paggamit, karanasan, hamon, at pangangailangan ng mga guro sa Filipino bilang batayan sa pagbuo ng programang pang-extension na magpapaunlad sa kanilang kasanayan at magtataguyod ng mas makabuluhang pagtuturo.

Binibigyang-diin ng mga kaugnay na pag-aaral ang kahalagahan ng teknolohikal na kasanayan, kahandaan, at propesyonal na pagpapaunlad ng mga guro sa Filipino. Ipinakita nina Aninapon at Rebamonte (2022) at Mayag-as et al. (2023) ang kahalagahan ng wastong paggamit ng teknolohiya, habang tinukoy ni Benito (2023) ang kakulangan sa pagsasanay at kagamitan. Binigyang-diin nina Abarracoso et al. (2024) ang mapanuring paggamit ng internet, samantalang itinampok nina Rafa (2025), Duza at Aler (2023), at Magnaye (2024) ang kahalagahan ng elektronikong kagamitan at materyal na nakaugat sa kulturang Pilipino. Sinuri nina Ricardo at Eguia (2025), Varona (2026), at Noval et al. (2026) ang kahandaan at pangangailangan ng mga guro, habang ipinakita nina Duron at Bucjan (2026) ang paggamit ng artificial intelligence. Ipinahihiwatig nito na ang mabisang pagtuturo ay nakasalalay sa kasanayan ng guro at angkop na pagsasama ng tradisyunal at makabagong kagamitan.

Sa lokal na konteksto, nakatuon ang pag-aaral sa paggamit, karanasan, at pangangailangan ng mga guro sa Filipino sa Consolacion at Liloan Districts, Cebu. Sa pambansang konteksto, binibigyang-halaga ng mga pananaliksik sa Pilipinas ang teknolohikal na kahandaan, sapat na kagamitan, at pagpapaunlad ng kasanayan habang pinananatili ang mga materyal na nakaugat sa wikang Filipino at kulturang Pilipino. Sa mas malawak na konteksto, ipinakikita ng paglaganap ng digital na plataporma, interaktibong presentasyon, at artificial intelligence ang pangangailangan sa makabagong estratehiyang naaayon sa kakayahan at pangangailangan ng mga guro at mag-aaral.

Ang konseptuwal na batayan ng pag-aaral ay nakatuon sa pagsasama ng nilalaman, pedagohiya, at teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino, batay sa Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) na tinalakay nina Aninapon at Rebamonte (2022). Binibigyang-diin nito ang wastong paggamit ng teknolohiya ayon sa layunin at nilalaman ng aralin. Isinasaalang-alang sa pag-aaral ang propayl ng mga guro, dalas ng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitan,

karanasan, hamon, at pangangailangan sa propesyonal na pagpapaunlad.

Bagama't maraming pag-aaral tungkol sa teknolohikal na kasanayan ng mga guro, limitado ang sabayang pagsusuri sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Dahil dito, nilalayon ng pag-aaral na matukoy ang paggamit, karanasan, hamon, at pangangailangan ng mga guro sa iba't ibang antas ng edukasyon. Ang mga resulta ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng GuroFIL, isang mungkahing programang pang-extension na naglalayong paunlarin ang kasanayan ng mga guro sa paggamit at pagsasanib ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo.

Ang pag-aaral ay may kaugnayan sa tatlong Layunin ng Napapanatiling Kaunlaran o Sustainable Development Goals (SDGs). Sa SDG 4 – Dekalidad na Edukasyon, binibigyang-diin ang pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro at paggamit ng angkop na kagamitan, kabilang ang mungkahing programang pang-extension. Sa SDG 9 – Industriya, Inobasyon, at Imprastraktura, itinatampok ang integrasyon ng makabagong teknolohiya, pagpapaunlad ng digital na kasanayan, at pagbibigay ng teknolohikal na suporta. Samantala, sa SDG 10 – Pagbawas ng Hindi Pagkakapantay-pantay, binibigyang-pansin ang hindi pantay na akses sa teknolohiya at ang pagsasama ng tradisyunal at makabagong pamamaraan upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral ang potensiyal nitong makatulong sa pagsusulong ng dekalidad, inklusibo, at makabagong edukasyon.

Ang pag-aaral ay mahalaga sa napapanatiling pag-unlad ng edukasyon, teknolohiya, kultura, at institusyon. Sa aspektong pang-edukasyon, binibigyang-diin nito ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino. Sa aspektong teknolohikal, itinatampok ang responsableng paggamit at integrasyon ng makabagong kagamitan sa tradisyunal na pamamaraan. Sa aspektong kultural, kinikilala ang kahalagahan ng wikang Filipino, lokal na panitikan, at kulturang Pilipino sa pagkatuto. Samantala, sa aspektong institusyonal, maaaring maging batayan ang mga natuklasan sa pagpaplano ng pagsasanay, teknikal na suporta, at pagpapaunlad ng kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng programang GuroFIL, maaaring maisulong ang sistematiko at napapanatiling pagpapaunlad ng mga guro. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng pag-aaral ang balanseng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitan na naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, kakayahan ng mga guro, at kalagayan ng mga institusyong pang-edukasyon.

METODOLOHIYA

A. Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang sistematikong mailarawan ang paggamit, karanasan, mga hamon, at pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Ang disenyong ito ay angkop sa pagsusuri ng aktuwal na kalagayan ng mga kalahok nang hindi minamanipula ang mga baryabol. Ginamit ang talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos, samantalang ang mga nakalap na impormasyon ay sinuri gamit ang estadistikang deskriptibo. Ang mga resulta ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng kongklusyon, rekomendasyon, at mungkahing programang pang-extension para sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro.

B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol ay Pamamaraan ng Pagpili

Isinagawa ang pananaliksik sa mga piling paaralan sa Consolacion at Liloan Districts, Cebu, na kinabibilangan ng apatnapung (40) gurong nagtuturo ng Filipino mula sa antas elementarya, Junior High School, Senior High School, at kolehiyo. Pinili ang mga distritong ito upang masuri ang aktuwal na karanasan, hamon, at pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo. Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok batay sa kanilang pagiging guro sa Filipino at karanasan sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang kanilang mga pananaw at tugon sa talatanungan ang naging pangunahing pinagkunan ng datos upang matukoy ang dalas ng paggamit, antas ng karanasan, mga hamon, at pangangailangan sa pagpapaunlad ng kasanayan. Nagsilbi ang mga resulta bilang batayan sa pagbuo ng mungkahing programang pang-extension.

C. Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng talatanungang binuo batay sa mga layunin at suliranin ng pananaliksik at ipinamahagi sa pamamagitan ng Google Forms. Nakapaloob dito ang demograpikong propayl ng mga kalahok, dalas ng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo, antas ng kanilang karanasan, mga hamong nararanasan, at mga pangangailangan sa pagpapaunlad ng kasanayan. Ginamit ang limang-puntong iskala upang masukat ang dalas ng paggamit, antas ng karanasan, mga hamon, at mga pangangailangan ng mga guro. Ang mga nakalap na datos ay ginamit sa pagbuo ng kongklusyon, rekomendasyon, at mungkahing programang pang-extension.

D. Baryabol ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng karanasan ng mga guro sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Kabilang sa mga baryabol ang demograpikong propayl ng mga kalahok batay sa edad, kasarian, haba ng karanasan sa pagtuturo, antas na tinuturuan, pinakamataas na natamong edukasyon, at mga pagsasanay na may kaugnayan sa teknolohiya. Sinuri rin ang dalas ng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitan, antas ng karanasan ng mga guro, mga hamong kinakaharap sa paggamit at pagsasama ng mga kagamitan, at kanilang mga pangangailangan sa propesyonal na pagpapaunlad. Ang mga baryabol na ito ay nagsilbing batayan sa sistematikong paglalarawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga guro at sa pagbuo ng mungkahing programang pang-extension na GuroFIL, na naglalayong mapahusay ang kanilang kasanayan sa pagbuo, paggamit, at pagsasanib ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino.

E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Matapos maihanda at mapagtibay ang talatanungan, humingi ang mananaliksik ng pahintulot sa mga kinauukulang pamunuan ng Consolacion at Liloan Districts upang maisagawa ang

pangangalap ng datos. Ipinamahagi ang instrumento sa pamamagitan ng Google Forms at sinagutan ng apatnapung (40) gurong kalahok. Matapos makalap ang mga tugon, inayos at sinuri ang mga datos gamit ang angkop na estadistikang deskriptibo upang matukoy ang paggamit, karanasan, mga hamon, at pangangailangan ng mga guro sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo.

F. Pagsusuri ng Datos

Ginamit ang frequency count, percentage, weighted mean, at rank upang suriin ang mga datos. Ang frequency count at percentage ay tumukoy sa dalas at bahagdan ng mga tugon, samantalang ang weighted mean at limang-puntong iskala ay ginamit sa pagtataya ng kabisaan ng PBL at antas ng mga suliranin. Ginamit ang rank upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga indikeytor, habang ang Kendall Coefficient of Concordance W at chi-square ay ginamit upang suriin ang pagkakasundo ng mga ranggo at estadistikal na kabuluhan nito (Siegel, 1988). Itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05. Ang mga resulta ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagpapaunlad ng Project-Based Learning sa pagtuturo ng panitikan.

G. Etikal ng Konsiderasyon

Isinagawa ang pananaliksik alinsunod sa mga prinsipyong etikal upang mapangalagaan ang karapatan, pribasiya, at kapakanan ng mga kalahok. Humingi ng pahintulot sa pamunuan ng Consolacion at Liloan Districts, Cebu, bago ang pangangalap ng datos. Ipinaalam sa apatnapung (40) gurong kalahok ang layunin ng pag-aaral at tiniyak ang kanilang kusang-loob na pakikilahok. Ginamit ang Google Forms sa pangangalap ng datos at pinanatiling kompidensiyal ang lahat ng impormasyon. Ginamit lamang ang mga datos para sa pananaliksik at hindi inilantad ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. Binigyan din sila ng kalayaang tumanggi o huminto anumang oras nang walang negatibong epekto, bilang paggalang sa kanilang dignidad at karapatan.

RESULTA AT TALAKAYAN

A. Demograpikong Propayl ng mga Gurong Kalahok

Edad ng mga Kalahok

Sa apatnapung (40) kalahok, pinakamarami ang nasa edad 40–49 taon (32.50%), sinundan ng 30–39 taon (30.00%), 20–29 taon (17.50%), 50–59 taon (15.00%), at 60 pataas (5.00%). Ipinakikita nitong nangingibabaw ang mga gurong nasa edad 30–49 taon. Kaugnay nito, binigyang-halaga nina Aninapon at Rebamonte (2022) ang edad sa pagsusuri ng teknolohikal na kaalaman. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan sa pagsasanay na angkop sa iba't ibang edad ng mga guro.

Kasarian ng mga Kalahok

Sa apatnapung (40) kalahok, 75.00% ay babae at 25.00% ay lalaki. Ipinakikita nito ang mas mataas na representasyon ng mga babaeng guro. Isinama nina Aninapon at Rebamonte (2022) at Magcalas et al. (2024) ang kasarian sa demograpikong pagsusuri. Gayunman, hindi ito nangangahulugan ng pagkakaiba sa kakayahang teknolohikal nang walang hiwalay na estadistikal na pagsusuri.

Haba ng Karanasan sa Pagtuturo

Pinakamarami ang may 6–10 taong karanasan (32.50%), sinundan ng 11–15 taon (25.00%), 16–20 taon (22.50%), 21 taon pataas (12.50%), at 1–5 taon (7.50%). Ipinakikita nitong karamihan ay may mahigit limang taong karanasan. Binigyang-diin nina Augusto Jr. (2020) at Aninapon at Rebamonte (2022) ang kahalagahan ng karanasan sa pagtuturo. Samakatuwid, dapat itong isaalang-alang sa pagsasanay na nagsasanib ng tradisyunal at makabagong pamamaraan.

Antas na Tinuturuan

Karamihan ay nagtuturo sa Junior High School (60.00%), sinundan ng elementarya (27.50%), Senior High School (10.00%), at kolehiyo (2.50%). Ipinakikita nitong pangunahing kinakatawan ang Junior High School. Kaugnay ng mga pag-aaral nina Gime (2023) at Aninapon at Rebamonte (2022), mahalagang iangkop ang pagsasanay sa antas na tinuturuan ng mga guro.

Pinakamataas na Natamong Edukasyon

Pinakamarami ang may masterado (42.50%), sinundan ng may masterado at yunit sa doktorado (25.00%), doktorado (22.50%), batsilyer na may yunit sa masterado (7.50%), at batsilyer (2.50%). Ipinakikita nitong karamihan ay may edukasyong gradwado. Gayunman, binigyang-diin nina Aninapon at Rebamonte (2022) at Gime (2023) na mahalaga pa rin ang patuloy na pagpapaunlad ng kasanayang teknolohikal sa kabila ng mataas na kwalipikasyong akademiko.

Pagsasanay Kaugnay ng Teknolohiya

Sa apatnapung (40) kalahok, 80.00% ang nakatanggap ng pagsasanay sa teknolohiya, samantalang 20.00% ang hindi pa. Ipinakikita nitong karamihan ay may karanasan sa teknolohikal na pagsasanay. Sinusuportahan ito nina Racho (2024) at Gime (2023), na nagbigay-diin sa kahalagahan ng patuloy at praktikal na pagsasanay upang mapaunlad ang kasanayan sa paggamit ng digital na kagamitan.

Dalas ng Pagsasanay sa Teknolohiya

Pinakamarami ang nakadalo ng 4–5 pagsasanay (32.50%), sinundan ng anim na beses pataas (17.50%), 2–3 beses (15.00%), isang beses (15.00%), at walang pagsasanay (20.00%). Ipinakikita nito ang magkakaibang antas ng pakikilahok sa pagsasanay. Binigyang-diin nina Bernardo et al. (2020) at Gime (2023) ang kahalagahan ng patuloy na propesyonal na pagpapaunlad. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang dalas, kalidad, at praktikalidad ng pagsasanay upang matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino.

B. Paggamit ng Tradisyunal at Makabagong Kagamitang Pampagtuturo

Dalas ng Paggamit ng Tradisyunal na Kagamitan

Natukoy na ang pisara o puting pisara ang pinakaginagamit na tradisyunal na kagamitan, kung saan 50.00% ng mga guro ang palaging gumagamit nito. Mataas din ang paggamit ng aklat, modyul, at nakalimbag na gawain, samantalang limitado ang paggamit ng mga tunay na bagay. Kaayon ito nina Sali et al.

(2024), na nagpapatunay sa patuloy na paggamit ng tradisyunal na kagamitan. Ipinahihiwatig nito ang kahalagahan ng pagsasanib ng tradisyunal at makabagong kagamitan sa pagtuturo.

Antas ng Paggamit ng Tradisyunal na Kagamitan

Naitala ang pangkalahatang mean na 3.52 (Madalas) sa paggamit ng tradisyunal na kagamitan. Pinakamataas ang pisara (M=4.35), tekstong nakalimbag (M=4.25), at aklat sa Filipino (M=4.23), na pawang ginagamit nang palagian. Sinusuportahan ito nina Sali et al. (2024) at Bantilan et al. (2025), na nagbigay-diin sa patuloy na kabuluhan ng tradisyunal na materyales at kahalagahan ng angkop na integrasyon ng teknolohiya.

Dalas ng Paggamit ng Makabagong Kagamitan

Natukoy na ang PowerPoint at mga bidyong pang-edukasyon ang pinakamadalas gamitin, samantalang paminsan-minsan o bihira ang paggamit ng learning management system, digital storytelling, video conference platforms, at digital games. Kaayon ito nina Varona (2026) at Ricardo at Eguia (2025), na nagbigay-diin sa paggamit at kahandaan ng mga guro sa teknolohiya. Ipinahihiwatig nito na higit na pamilyar ang mga guro sa karaniwang digital na kagamitan kaysa sa mga interaktibong aplikasyon.

Antas ng Paggamit ng Makabagong Kagamitan

Naitala ang pangkalahatang mean na 3.10 (Paminsan-minsan) sa paggamit ng makabagong kagamitan. Pinakamataas ang PowerPoint (M=4.23), bidyong pang-edukasyon (M=4.08), elektronikong sanggunian (M=3.63), at online na pagsusulit (M=3.48). Bihira naman ang paggamit ng digital games at video conference platforms. Sinusuportahan ito nina Varona (2026) at Abarracoso et al. (2024), na nagpahayag ng kahalagahan ng teknolohiya sa pagtuturo. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangang paunlarin ang kasanayan ng mga guro sa digital storytelling, interaktibong presentasyon, online assessment, at responsableng paggamit ng artificial intelligence.

C. Antas ng Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo

Naitala ang pangkalahatang mean na 3.65 sa karanasan ng mga guro. Pinakamataas ang paggamit ng tradisyunal na kagamitan (M=4.18), pag-angkop sa pangangailangan ng mag-aaral (M=4.13), at pagpili ng angkop na kagamitan (M=4.03). Samantala, nasa katamtamang antas ang integrasyon ng tradisyunal at makabagong kagamitan (M=3.38), paggamit ng teknolohiya (M=3.35), digital na kagamitan (M=3.28), interaktibong gawain (M=3.15), at pagtugon sa teknikal na suliranin (M=3.05). Binigyang-diin nina Aninapon at Rebamonte (2022) at Diola et al. (2025) ang kahalagahan ng patuloy na pagpapaunlad ng kasanayang teknolohikal at pedagogikal ng mga guro.

D. Mga Hamon sa Paggamit ng Makabagong Kagamitang Pampagtuturo

Naitala ang pangkalahatang mean na 3.36 sa mga hamon ng mga guro. Pangunahing suliranin ang mahinang koneksiyon sa internet at hindi pantay na akses sa teknolohiya (M=3.85), kakulangan sa pagsasanay (M=3.75), teknikal na suliranin (M=3.70), oras sa paghahanda (M=3.50), digital na kagamitan (M=3.48), at teknikal na kaalaman (M=3.45). Sinusuportahan ito nina Racho (2024), Ricardo at Eguia (2025), at Varona (2026), na nagbigay-diin sa pangangailangan ng sapat na kagamitan, pagsasanay, at teknikal na suporta upang mapahusay ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo.

E. Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Pagpapaunlad ng Kagamitang Pampagtuturo

Naitala ang pangkalahatang mean na 4.19 sa pangangailangan ng mga guro. Pinakamataas ang pagsasama ng tradisyunal at makabagong kagamitan (M=4.58), praktikal na pagsasanay sa digital na kagamitan (M=4.50), regular na pagsasanay (M=4.48), paggamit ng makabagong kagamitan at pagdidisenyo ng materyales sa Filipino (M=4.33), at pagbuo ng interaktibong presentasyon (M=4.30). Binigyang-diin nina Gime (2023) at Noval et al. (2026) ang kahalagahan ng patuloy na pagsasanay. Dahil dito, iminungkahi ang GuroFIL, isang programang pang-extension na nakatuon sa pagbuo ng digital na kagamitan, interaktibong presentasyon, bidyong pang-edukasyon, online assessment, at integrasyon ng tradisyunal at makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

A. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, mas madalas gamitin ng mga guro sa Filipino ang tradisyunal na kagamitang pampagtuturo (M=3.52) kaysa sa makabagong kagamitan (M=3.10), partikular ang pisara, tekstong nakalimbag, aklat, PowerPoint, at bidyong pang-edukasyon. Bagama't mataas ang pangkalahatang antas ng kanilang karanasan (M=3.65), nananatili ang mga hamon (M=3.36), lalo na ang hindi sapat na koneksiyon sa internet, hindi pantay na akses sa teknolohiya, kakulangan sa pagsasanay, at mga suliraning teknikal. Natukoy rin ang mataas na pangangailangan sa propesyonal na pagpapaunlad (M=4.19), partikular sa pagsasanib ng tradisyunal at makabagong kagamitan at praktikal na pagsasanay sa digital na teknolohiya. Samakatuwid, ang mabisang pagtuturo ng Filipino ay hindi nangangailangan ng ganap na pagpapalit sa tradisyunal na kagamitan, kundi ng angkop na integrasyon nito sa makabagong teknolohiya batay sa layunin ng aralin, kakayahan ng guro, pangangailangan ng mga mag-aaral, at kalagayan ng paaralan.

B. Rekomendasyon

Inirerekomenda ang patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro sa pamamagitan ng praktikal na pagsasanay, workshop, mentoring, at pagbabahaginan ng mababuting gawain sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo. Dapat bigyang-prayoridad ang pagbuo ng digital na materyal, interaktibong presentasyon, bidyong pang-edukasyon, online na pagtataya, digital storytelling, at responsableng paggamit ng artificial intelligence. Mahalaga rin ang pagbibigay ng sapat na kagamitan, maaasahang koneksiyon sa internet, teknikal na suporta, at organisadong imbakan ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Higit sa lahat, iminumungkahi ang pagpapatupad ng programang pang-extension na GuroFIL: Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Paggamit ng Tradisyunal at Makabagong Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino, upang matugunan ang mga natukoy na hamon at pangangailangan ng mga guro.

Ang pag-aaral ay limitado sa apatnapung (40) gurong nagtuturo ng Filipino sa mga piling paaralan sa Consolacion at Liloan Districts, Cebu, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Nakabatay ang mga natuklasan sa mga tugon sa talatanungang isinagawa gamit ang Google Forms at sinuri sa pamamagitan ng estadistikang deskriptibo. Samakatuwid, nakatuon ang mga resulta sa paglalarawan ng karanasan, hamon, at pangangailangan ng mga napiling kalahok, habang ang mungkahing programang GuroFIL ay hindi pa nasusuri batay sa aktuwal na pagpapatupad nito.

PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa mga pamunuan ng Consolacion at Liloan Districts, Cebu, mga punong-guro, at iba pang indibidwal na nagbigay ng pahintulot, paggabay, kooperasyon, at suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral. Lubos ding kinikilala ang mahalagang pakikilahok ng apatnapung (40) gurong nagtuturo ng Filipino mula sa mga piling paaralan sa antas elementarya, Junior High School, Senior High School, at kolehiyo sa nasabing mga distrito. Ang kanilang mga karanasan, pananaw, at tugon ay naging mahalagang batayan sa pagsusuri ng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo, pagtukoy sa mga hamon at pangangailangan ng mga guro, at pagbuo ng mungkahing programang pang-extension na GuroFIL, na naglalayong mapahusay ang kasanayan sa paggamit at pagsasanib ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino.

SANGGUNIANG BANGGIT

Abarracoso, C. E., Arellano, K. S., Benito, M. L. J. I., Suyom, J. R., & Uy, J. C. (2024). Epekto ng paggamit ng teknolohiya bilang gabay sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa panuruang taon 2022–2023. *Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3*(2). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13482

Aninapon, R. G., & Rebamonte, G. C. (2022). TPACK sa pagtuturo ng Filipino: Lesson exemplar. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 10*(3), 64–74. https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/09/8-APJMSD-11-Aninapon_Rebamonte.pdf

Augusto, W. S., Jr. (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: Isang penomenolohikal na pagsusuri. *The Normal Lights, 14*(2), 195–220. https://doi.org/10.56278/tnl.v14i2.1651

Bantilan, C. C., Loquis, R. E., Ursal, L. N., & Dela Peña, H.-K. V. (2025). Traditional or electronic instructional materials: A study on positive learning. *Pantao: The International Journal of the Humanities and Social Sciences, 4*(4), 6600–6619. https://doi.org/10.69651/PIJHSS0404608

Benito, J. J. L. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. *Global Scientific Journal, 11*(2). https://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Kahandaan_ng_Guro_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_sa_Antas_Sekondarya.pdf

Bernardo, A. B. I., Wong-Fernandez, B., Macalaguing, M. D., Jr., & Navarro, R. C. (2020). Filipino senior high school teachers' continuing professional development attitudes: Exploring the roles of perceived demand amid a national education reform. *Journal of Research, Policy & Practice of Teachers and Teacher Education, 10*(2), 63–76. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol10.2.5.2020

Diola, J. O., Allado, A. J. C., Garcia, C. A., Logarto, M. R., & Balderian, A. L. (2025). Antas ng kasanayan ng mga guro sa Filipino sa paggamit ng teknolohiya: Pagbuo ng manwal sa kagamitang teknikal. *International Journal of Research Studies in Education, 14*(6), 47–66. https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25028

Duron, M. D., & Bucjan, E. R. (2026). AI sa silid-aralan: Kahandaan at kasanayan ng mga guro at mag-aaral bilang batayan sa kagamitang pampagtuturo. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 12*(6), 585–596. https://doi.org/10.36713/epra28488

Duza, L. S., & Aler, R. A. D. (2023). TAGITI: Pagbuo ng mungkahing modyul ng mga alamat ng mga Laboeño. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 1*(4), 228–243. https://doi.org/10.17613/67q8-rx85

Gime, A. V. (2023). Ang pangangailangang pagpapaunlad ng mga guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan. *International Journal of Research Studies in Education, 12*(4), 7–20. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.2002

Magcalas, H. A., Bautista, R. L., & De Jesus, L. F. (2024). Pinoy ako, pero hindi Filipino major: Pag-aaral sa karanasan ng guro sa pribadong paaralan. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(3), 43–57. https://doi.org/10.17613/828g-7k34

Magnaye, J. M. (2024). Isang pagtatangkang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na Tumbang Salita sa paglinang ng talasalitaan ng mga piling mag-aaral sa Baitang 7. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(3), 214–223. https://doi.org/10.17613/5kew-2664

Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). Kaalaman ng guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3*(12), 176–190. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.015

Noval, A. T., Escalera, M. V. T., Plasencia, N. R., Villarin, I. J., & Zamora, N. F. (2026). Paggalugad sa pangangailangan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng epektibong instructional materials. *International Journal of Research Studies in Education, 15*(14), 125–134. https://doi.org/10.5861/ijrse.2026.26251

Racho, W. Q. (2024). Karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology digital tools sa pagtuturo ng Filipino. *Kaalam: A Multidisciplinary Journal, 3*(1). https://kaalam.htcgsc.edu.ph/wp-content/uploads/2024/05/Karanasan-ng-Guro.pdf

Rafa, M. V. (2025). MAPEHFIL: Pagbuo ng e-kagamitang pampagtuturo sa MAPEH 8 gamit ang wikang Filipino. *Pantao: The International Journal of the Humanities and Social Sciences, 4*(1), 235–241. https://doi.org/10.69651/PIJHSS040120

Ricardo, K. R. D., & Eguia, M. L. G. (2025). Pagtuturo ng Filipino gamit ang teknolohiya. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5*(5), 1102–1131. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i05.073

Sali, J. N., Ajijun, M. J. R., Martin, R. L., Abing, K. C. O., & Jainal, E. A. (2024). Mga kagamitang pampagtuturong ginagamit sa mga asignaturang Filipino. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8*(3), 83–92. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/I248038392.pdf

Varona, F. A. (2026). Pagtuturo ng Filipino sa programang Bachelor of Elementary Education sa panahon ng digital. *Lukad: An Online Journal of Pedagogy, 5*(1), 303–320. https://lukad.org/archives/